

Batayang buod ng ulat



Social Cohesion Guide

Batayang buod ng ulat tungkol sa social cohesion

Ang batayang buod ay isang ulat na naglalarawan kung ano ang kasalukuyang anyo ng social cohesion sa Aotearoa New Zealand batay sa impormasyong makukuha. Nagbibigay ito ng panimula para masukat ang social cohesion sa hinaharap.

Sa Aotearoa New Zealand, may social cohesion sa ating lipunan kapag may ugnayan ang mga tao at may pag-unawa sa pagiging kabilang, nagagawang makilahok, kinikilala at iginagalang, patas na isinasama at may pagtitiwala sa iba at sa mga organisasyong pampamahalaan.

Upang matamo ang social cohesion, dapat maging ligtas, inklusibo at mapagsuporta ang mga lugar kung saan naninirahan, nagtatrabaho, naglalaro at nag-aaral ang mga tao; at dapat maging makatarungan ang mga sistema at serbisyo sa ating lipunan at kayang tumugon sa iba't ibang mga pangangailangan at isyu.

Walang isang paraan upang masukat ang social cohesion sa Aotearoa New Zealand, kaya kailangan nating gumamit ng maraming mapagkukunan ng impormasyon at datos upang magkaroon ng pag-unawa kung ano talaga ang anyo ng ating social cohesion. Gumamit kami ng kasalukuyang mapagkukunan ng mga datos at survey na nakolekta sa pagitan ng 2016 at 2021. Karaniwang may positibong impormasyon kaugnay sa social cohesion, ngunit kung minsan, hindi sinasalamin ng impormasyon ang mas masalimuot na mga isyu kaugnay sa social cohesion. Halimbawa, ang mga impormasyong kinokolekta ay hindi laging magagamit upang maunawaan ang social cohesion para sa mas maliliit na grupo sa lipunan.

Nagpapakita ang impormasyon na maraming mga taong naninirahan sa Aotearoa New Zealand ang may mataas na antas ng pagiging

kabilang, pagtitiwala, paglahok at kagalingan. Ngunit inihahayag rin nito na hindi ito ang karanasan ng lahat ng mga tao. Halimbawa, ipinapakita sa mga datos tungkol sa Māori na mayroon silang mataas na antas ng pagiging kabilang sa kanilang pamilya at kultura, ngunit mas mababang antas ng pagtitiwala sa pamahalaan at mas kaunting paglahok sa edukasyon, pagtatrabaho at pagboto.

Dagdag pa, ang impormasyon ay nagpapakita rin na ang diskriminasyon ay isang mahalagang hadlang sa social cohesion sa Aotearoa New Zealand. Ang ilang mga grupo ay dumaranas ng mas mataas na antas ng diskriminasyon, gaya ng mga taong muling pinanirahan (mga refugee) at mga migrante buhat sa Asia at Pacific Islands, nag-iisang magulang (single parents) at mga taong pinalipat ng tirahan (mga refugee) at mga tao ang dumanas ng iba't ibang uri ng diskriminasyon nang sabay-sabay, na nagpatindi ng kanilang negatibong mga karanasan. Halimbawa, ang mga kababaihan at mga bahagharing komunidad (LGBTQIA+) ay dumanas ng mas mataas na antas ng diskriminasyon sa pangkalahatan, ngunit may mga pagkakaiba sa diskriminasyong dinanas ng mga tao sa mga grupong ito batay sa kanilang etnisidad o kapansanan, at iba pa.

Panghuli, ng impormasyon ay nagpapakita na ng mga posisyon sa nakatataas na pamunuan sa pamahalaan at mga pampublikong serbisyo ay maaari pang mas sumasalalim sa iba't ibang etnisidad. Magiging mas sumasalamin ito sa mga taong kasali sa buong lipunan sa Aotearoa New Zealand.

Ang COVID-19 ay nagkaroon ng epekto sa social cohesion sa Aotearoa New Zealand sa mga paraang positibo at negatibo. Halimbawa, nagsama-sama ang mga komunidad upang suportahan ang isa't isa, ngunit maraming tao ang hindi nagawang makipagkita nang harapan sa kanilang pamilya at mga kaibigan, at ng pandemya ay nagparami sa mga isyu ng pangkaisipang kalusugan. Patuloy pa rin ang iba pang mga epekto ng pandemyang COVID-19.

